


とやまけん す がいこくじんじゅうめん
富山県に住む外国人住民のための

Para sa mga Dayuhang Residente ng Toyama Prefecture

こそだ
子育てガイドブック

Pantulong sa Pagpapalaki ng Anak



作成者

とやまけん がいこく にルーツをもつ子どもたちのキャリアデザイン支援プロジェクト
富山県 外国にルーツをもつ子どもたちのキャリアデザイン支援プロジェクト

Proyekto sa Pagsuporta ng Career Design ng Toyama Prefecture

Para sa mga

Batang may ibang lahing pinagmulan.

たかおか
アレッセ高岡

ALECE TAKAOKA

Mga Nilalaman

1.	MALIGAYANG PAGDATING, ANAK	3
1.1.	PANAHON NG PAGBUBUNTIS	3
1.1.1.	HANDBOOK NG INA AT SANGGOL	3
1.1.2.	PAG-EXAMINE SA KALUSUGAN	3
1.1.3.	IBAT-IBANG PINANSYAL NA SUPORTA	3
1.2.	PANGANGANAK	4
1.2.1.	PAG-REHISTRO NG KAPANGANAKAN	4
1.2.2.	PAGSUSURI SA KALUSUGAN	4
1.2.3.	IBAT-IBANG PINANSYAL NA SUPORTA	4
1.2.4.	TUNGKOL SA MGA BAKUNA	5
1.3.	ISKEDYUL PARA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN NG MGA BATA	6
1.4.	KUNG NAIS MONG KUMONSULTA SA IBANG TAO TUNGKOL SA PAGPAPALAKI NG SANGGOL	7
1.4.1.	MGA SERBISYO SA KONSULTASYON PARA SA PAGPAPALAKI NG BATA.	7
1.4.2.	KAILANGAN ANG PAG-SUORTA NG ASAWANG LALAKI HABANG NAGBUBUNTIS AT NAGPAPALAKI NG ANAK ! ...	8
1.4.3.	TUNGKOL SA TRABAHO	8
2.	PUMASOK TAYO SA KINDERGARTEN ,NURSERY !	9
2.1.	NURSERY • KINDERGARTEN • CERTIFIED CHILD GARDEN.....	9
2.1.1.	SAANG KINDERGARTEN O NURSERY SCHOOL PWEDENG PUMASOK?	10
2.1.2.	ANO ANG KAILANGAN AT PROCEDURES PARA MAG-ENROLL?	10
2.2.	KAYUSAN NG PAGHATID, PAGESUNDO.....	10
2.2.1.	KAILAN DAPAT IHATID?	10
2.2.2.	KAILAN DAPAT SUSUNDUIN?.....	10
2.2.3.	KAPAG MAY SAKIT O SUGAT?.....	10
2.2.4.	IBAT-IBANG PAGDIRIWANG AT AKTIBIDAD	11
2.2.5.	MGA KASUOTAN NG BATA	11
2.3.	PAKIKIPAG-UGNAYAN.....	12
2.3.1.	KAPAG HINDI PAPANOK SA ESKUWELAHAN	12
2.3.2.	KAPAG MAHUHULI (LATE) SA PAGPASOK	12
2.3.3.	NOTEBOOK PARA SA COMMUNICATION NG GURO AT MGA GUARDIAN	12
2.4.	ANG ISANG ARAW SA KINDERGARTEN ,NURSERY !	13
2.5.	MGA PAGKAIN AT INUMIN	14
2.5.1.	TANGHALIAN (SCHOOL LUNCH)	14
2.5.2.	BAON NA PAGKAIN (LUNCH)	15
2.5.3.	BOTE NG TUBIG	15

2.6.	TUNGKOL SA GAMOT.....	15
2.7.	MGA GAMIT NA KAILANGAN SA ESKUWELAHAN	16
2.7.1.	KAILANGAN ITONG GAMITIN SA ESKUWELAHAN	16
2.7.2.	ARAW-ARAW NA MGA DADALHIN SA ESKUWELAHAN.....	17
2.8.	MGA OKASYON NG PAGDIRIWANG/SELEBRASYON	18
2.9.	PAANO SASABIHIN?.....	20
2.9.1.	KAPAG PAPANOK (MULA SA MAGULANG O GUARDIAN)	20
2.9.2.	UWIAN (MULA SA GURO)	20
2.9.3.	MGA AKTIBIDAD (MULA SA GURO)	20
2.9.4.	PAKIKIPAG-USAP SA BATA.....	21
3.	INQUIRIES	22
	PREFECTURE • MUNICIPALITY	22
	EMERGENCY MEDICAL CENTER	23
	LOCAL CHILD CARE SUPPORT CENTER	23
	FAMILY SUPPORT CENTER	26
	HEALTH AND WELFARE CENTER • PUBLIC HEALTH CENTER	26
	CHILD GUIDANCE CENTER.....	26
4.	IBA PANG MGA WIKANG DOKUMENTO	27

1. MALIGAYANG PAGDATING, ANAK

Maligayang pagbati sa mga nagdadalantao. Ang kagalakang nadarama sa pagdadalantao ay maaring may kaakibat na pagkabalisa at pagkalito. Huwag kayong mabahala, sapagkat dito sa Preperktura ng Toyama ay may ibat ibang Sistema na tutulong sa inyo sa pangangalaga ng inyong mga anak.

1.1. PANAHAON NG PAGBUBUNTIS

1.1.1. HANDBOOK NG INA AT SANGGOL

Kapag ang rehistro ng pagbubuntis na tinanggap mula sa ospital ay dadalhin sa Munisipyo at sa Health Center, kayo ay makatanggap ng 「Health Handbook ng Ina at Anak (Mother & Child Handbook)」. Ito ang record ng pagdadalantao, panganganak, at pagsusuri sa kalusugan, pagbabakuna. Andito rin ang mga paraan ng pangangalaga sa anak, mula sa kauna-unahang pagdadalantao hanggang sa pagpasok ng elementarya. Dapat na ingatan at itago ang mga record na ito. Siguraduhing dala-dala ito sa panahon ng pagkakasakit o pagpapakunsulta ng kalusugan .

MULTI LANGUAGE MOTHER & CHILD HANDBOOK

Ang handbook na ito ay may halagang (820 yen) na mabibili sa [English] [Hangul] [Chinese] [Thailand] [Kastila] [Portuguese] [Indonesian] na wika. Kung kinakailangan bumili nito.

Mothers' and Children's Health Organization Co.,Ltd :<http://www.mcfh.co.jp/>

Book of Rakuiku manten-do:

http://www.ecur.co.jp/p/item-list/list/cate_id/1/p0s0.html

1.1.2. PAG-EXAMINE SA KALUSUGAN

Sa panahon ng pagsumite ng rehistro sa pagdadalantao, maari kayong makatanggap ng Libretang talaan ng Ina at Anak kasama ang papel para sa pagsusuri ng kalusugan. Ang regular na pagpapakunsulta ay makakatiyak ng kalagayan ng sanggol sa sinapupunan ng ina pati na rin ang kalagayan ng kalusugan ng ina.

Pangkalahatang pagsusuri sa kalusugan ng nagdadalantao.

Ang pagpapahalaga sa pangunahing 14 na beses na regular na pagsusuri sa kalusugan ay nagpapaunlad ng kalagayan sa panahon ng pagdadalantao.

hanggang 23 linggo ng pagbubuntis.	Sa loob ng 4 na linggo 1 beses
mula 23 linggo ~ 35 linggo ng pagbubuntis.	Sa loob ng 2 linggo 1 beses
36 linggo pataas ng pagbubuntis.	Tuwing 1 linggo 1 beses.

Pagpapakunsulta sa Dentista

Isang bahagi ng gastusin sa panahon ng pagdadalantao ang pagpapakunsulta sa dentista para sa pagpapaunlad ng pagdadalantao.

Masusing Pagsusuri sa Kalusugan sa Panahon ng Pagdadalantao

Tanggapin ang papel sa medikal na pagsusuri kung ito kinakailangang gawin ayon sa doktor.

1.1.3. IBAT-IBANG PINANSYAL NA SUPORTA

LUMP-SUM PINANSYAL NA TULONG SA PANGANGANAK

Ang isang miyembro, ay makapagbabayad sa ospital ng direktso mula sa medical insurance sa halagang 420,000.00 Japanese yen(42lapad) bilang pangunahing tulong. Kung ang iyong gastusin sa ospital ay mas mababa sa halagang ito, hindi na kailangan ang patiunang paghahanda ng salapi sa panganganak.

TULONG SA MEDIKAL NA GASTUSIN NG NAGDADALANTAO

Kung ang nagdadalantao ay may mataas na presyon ng dugo, diyabetes, anemia, obstetric hemorrhage, premature delivery, sakit sa puso, at ang mga ito ay pinatutunayan ng doctor, may matatanggap na tulong sa gastusin. (mayroon limitasyon sa income tax)

1.2. PANGANGANAK

1.2.1. PAG-REHISTRO NG KAPANGANAKAN

Ipatala ang bagong silang na sanggol sa munispyo sa loob ng 14 na araw. Dalhin ang resident card at birth certificate (mula sa ospital), Handbook ng Ina at anak, hanko.

☞ Pagkatapos ipatala sa munispyo, kung may isang linggo na, ay maaari ng makuha ang Birth Certificate at Receipt Certificate at magparehistro sa Consulate. Magpagawa na ng pasaporte ng sanggol at mag-apply ng visa.

1.2.2. PAGSUSURI SA KALUSUGAN

Upang makatiyak na mabuting ang kalusugan ng sanggol, ipasuri ang kanyang kalusugan. Bago mag dalawang buwan ang sanggol, ipapadala sa inyo sa pamamagitan ng sulat ang consultation questionnaire at vaccine questionnaire. Kung ang mga ipinadalang questionnaire sa salitang hapon ay hindi maintidihan, gamitin ang Appendix.

Pagsusuri sa Kalusugan ng 3 Buwang Sanggol

Sagutan ang Consultation Questionnaire at dalhin (Libreng konsulta)

Pagsusuri sa Kalusugan na 1 at 6 na Buwang Sanggol.

Dalhin ang Handbook ng Ina at Anak (Libreng konsulta)

Pagsusuri sa Kalusugan ng 3 Taon Bata

Dalhin ang Handbook ng Ina at Anak (Libreng konsulta)

Pagsusuri sa Kalusugan ng 1 Buwan na Sanggol

Magpakonsulta sa Maternity Hospital, bagamat may bayad ang konsulta dito, maaring gamitin ang tiket na [Toyama kko kosodate o-en-ken]

PangKalahatang Pagsusuri sa Nagdadalantao

Tanggapin ang papel sa medikal na pagsusuri kung ito'y kinakailangang gawin ayon sa doktor.

PangKalahatang Pagasusuri sa Kalusugan ng Sanggol

2 beses (libre)
Pang una----6~7 buwan
Pangalawa----9~10 buwan

1.2.3. IBAT-IBANG PINANSYAL NA SUPORTA

TULONG SA GASTUSIN SA PAGPAPAGAMOT NG SANGGOL AT MGA BATA

Maaari kang makatanggap para sa sanggol at sa bata ng medical care na libre o may kasamang suporta. Kung ipapakita mo ang katibayan, makatanggap ng tulong para sa sanggol at bata sa pagpapagamot sa hospital. Ito ay may limitasyon sa edad at kita. Ang pagtanggap ng katibayan at tulong para sa sanggol at bata sa pagpapagamot ay magkakaiba ang bawat lunsod o tirahan. Dapat mag-apply ng health insurance ang mga magulang at sanggol.

PAGBIBIGAY NG PINANSIYAL NA TULONG SA BATA

Sa bansang hapon, may sistema ang gobyerno ng pagbibigay ng sustento sa bata(child care allowance). Ito ay makatutulong sa pag-suporta para sa pagpapalaki ng mga anak. Ang halaga sa isang buwan para sa mga bata na edad hanggang 3 taong gulang ay 15000 yen. Ang pangatlong anak na 3 taong gulang hanggang sa 12 taong gulang ay tatanggap ng halagang 15000 yen. unang anak at pangalawang anak na mula 3 taong gulang hanggang sa makapag-aral at makatapos ng junior high school ay tatanggap ng halagang 10000 yen. Para ipagkaloob sa inyo ito, pumunta sa loob ng 15 days sa munispyo sa iyong lugar .Taon-taon kailangang mag-apply tuwing buwan ng Hunyo sa munispyo.

TOYAMA KKO KOSODATE OEN-KEN (TOYAMA-KKO PAGIGING MAGULANG SUPORTA TIKET) (SUPORTA NG KOMUNIDAD SA MGA BATA NAGPAPALAKI NG MGA ANAK)

Sa prepektura ng Toyama, ipinamamahagi namin ang Toyama-kko kosodate o-enken (Toyama-kko suporta sa pagiging magulang tiket) Ang halaga ng suportang tiket ay ¥10000 sa una at pangalawang anak , sa ikatlong anak ay ¥30000. Upang ito ay tamasahin, ang mga nagpapalaki ng anak na may tiwalang gamitin ang ticket na ito sa pagsusuri at pag-exam ng anak, pagbabakuna ng (ang uri na may bayad tulad ng influenza at iba pa) at pagbili ng larawan Libro(100uri)

IBA PANG IMPORMASYON

May sistema ng tulong sa pagbabayad ng pagpapagamot sa mga sanggol at maliit na bata kung siya ay may sakit o sakitin. Mayroon ring tulong na subsidies para sa batang may kapansanan. Mayroon ring tulong para sa medikal na gastos ng mga single parent, ito ay tinatawag na

「Child-rearing allowance」 「Single-parent households medical expenses subsidy benefits」 「Single mother and single father and widow welfare loan」

1.2.4. TUNGKOL SA MGA BAKUNA

BAKIT KAILANGANG MAGPABAKUNA

Dahil unti-unting humihina ang imyunidad ng mga sanggol lalo na makalipas ang 3 buwan pagkapanganak. Kailangan ang bakuna sa katawan upang lumakas ang panlaban nito sa tinutugunang sakit.

Ang mga bakuna na may markang★ay libre.

Uri ng bakuna	Ilang Beses	Pi n apayong Edad na Magpabakuna
Hib (influenza Type b)	Unang bakuna 3 beses, Booster 1 beses.	Mula 2 buwang~60buwang.
Pediatric Pneumonia	Unang bakuna 3 beses, Booster b 1 beses.	Mula 2 buwang~60buwang.
Diphtheria•Pertussis•Polio• Tetanus (Lahat na apat) ★	Unang pagkakataon: Unang bakuna 3 beses, Booster 1 beses	Mula 3 buwang~90buwang (7 at kalahating taong gulang).
Diphtheria•Tetanus (Tow mixed)	Ikalawang pagkakataon: 1 beses	Mula11taon~bago maging13taong gulang.
Tuberculosis (BCG)★	1 beses	Bago maging 1 taong gulang.
Measles Tigdas,German measles ★	Unang pagkakataon: 1 beses	Mula 12 buwan~24 buwan.
	Ikalawang pagkakataon: 2 beses	Mula 5 taon~bago maging 7 taong gulang. (sa loob ng 1 taon bago pumasok sa elementarya).
Japanese Encephalitis★	Unang pagkakataon 2 beses, Booster 1 beses	Mula 6na buwan~90buwan (7 at kalahating taong gulang).
	Ikalawang pagkakataon: 1 beses	Mula 9 taon~bago maging 13 taong gulang.
Varicella★	2 beses	Mula 1 taon~bago 3 taon.

📖KUNG PAANO MAGPAPABAKUNA

Mga dadalhin; Handbook para sa Kalusugan ng Ina at Anak,tiket para sa bakuna. Magpapadala ng sulat sa inyong bahay para sa libreng tiket at mga katanungan para sa pagpapabakuna. Kung mahirap basahin ang mga katanungan sa papel para sa pagpapabakuna dahil sa wikang hapon , pakisuyo tingnan apendese.

📖BIGLAANG PAGKAKASAKIT...

Emergency Clinic →pahina 23

📖KUNG LILIPAT KAYO NA TIRAHAN SA IBANG LUGAR SA BAGONG LUGAR

Dapat pumunta kayo sa munisipyo ng inyong lugar at mga health center.


1.3. ISKEDYUL PARA PANGANGALAGA NG KALUSUGAN NG MGA BATA

Edad	2buwan	3buwan	6 buwan	7buwan	8 buwan	9 buwan	1taon	1taon6buwan	2taon	2taon6buwan	3taon	3taon6buwan	5taon	6taonbuwan
Pagsusuri sa kalusugan • health school • Konsultasyon	<p>Pagsusuring pang kalusugan 3 buwang sanggol</p> <p>Pagbisita sa bahay</p> <p>Ang mga ina at anak ay bibisitahin ng counselors(Nurses) 2-3buwang sanggol</p> <p>Konsultasyon para sa ina na nag- breast feed</p> <p>Konsultasyon tungkol sa pagtuturo para maipainom ang sanggol ng gatas. (kailangan ng resavation)</p>	<p>Pagsusuring pang kalusugan ng mga sanggol 1 beses</p> <p>Pagbisita ng komadrona para sa mga ina at sanggol</p> <p>Bibisitahin ang mga ina at anak ng counselors (komadrona), 7 buwang sanggol</p> <p>tungkol sa baby food</p> <p>para sa 5~6 buwang sanggol.pagtuturo kung kung paano magbigay ng baby food. (kailangan ng resavation)</p> <p>pag-aaral sa pag-aalaga ng bata</p> <p>Sa pamamagitan ng counselors na komadrona, ituturo kung paano ang pag-aalaga ng bata at paano makaiwas sa aksidente.</p> <p>Konsultasyon para sa kalusugan ng bata (konsulation para sa pag-aalaga at kalusugan ng bata)</p>	<p>Pagsusuring pang kalusugan ng mga sanggol 2 beses</p>	<p>Pagsusuring pang kalusugan ng mga sanggol 1taon 6na buwan</p> <p>sa mga gusto ng fluorine coating</p>	<p>Pagsusuring pang kalusugan ng mga sanggol 3 taon (tinatag na 3taon 6na buwan na health check) sa mga nais fluorina coating</p> <p>Caries prevention, fluorine, coating</p> <p>2 taon . 2 at kalahating taong gulang . check up ng mga ngipin .paglalagay fluorine coating</p> <p>pagbibisita sa tahanan (depende sa kalagayan ,maaaring bisitahin sa tahanan ng nurse)</p> <p>Konsultasyon para sa mga bata</p> <p>Konsultasyon tungkol sa mga pagpapalaki ng anak, tungkol sa kapansanan sa mental at pagsasalita (kailangan ng resavation)</p>	<p>Hib • PEDIATRIK Pneumonia</p> <p>(Lahat na apat) Unang panahon.Diphtheria•Pertussis•Polio•</p> <p>BCG</p> <p>Japanese Encephalitis★unang panahon: 2 beses</p> <p>Measles unang pagkakataon</p>	<p>(Lahat na apat)na bakuna dagdagan 1 beses</p> <p>Japanese Encephalitis Booster 1 beses</p> <p>Measles ikalawang pagkakataon panahon</p>							
	pagbabakuna													

※depende ito iyong tahanan

1.4. KUNG NAIS MONG KUMONSULTA SA IBANG TAO TUNGKOL SA PAGPAPALAKI NG SANGGOL

Masayang karanasan ang pagbubuntis panganganak at pagpapalaki ng anak. Pero dahil sa ibang wika at kalagayan o kultura sa inyong bansa, talagang mahirap at naka pag-aalala. Pwede kang kumonsulta sa nanay o kaibigan mo, pero dahil sa nakatira kayo sa toyama, pakisuyong gamitin ang tulong na serbisyo sa Konsultasyon



1.4.1. MGA SERBISYO SA KONSULTASYON PARA SA PAGPAPALAKI NG BATA.

HEALTH CENTER

Ang health center ay isang pasibilidad na nagbibigay sa mga mamamayan ng mga serbisyo upang mapangalagaan ang kalusugan tulad ng pagsangguni, patnubay at pagsusuri sa kalusugan. Matatanggap mula dito ang books para sa Kalusugan ng Ina at Anak. Puwedeng kumonsulta sa pag-aasikaso sa may Anxiety (sumpong) → :Tingnan ang pahina 22 (para sa katanungan, at maaari tumawag)

REGIONAL CHILD CARE SUPPORT CENTER

Kung ikaw ay buntis at may maliit na bata, magulang o kapamilya, ipagbigay-alam o makipag palitan ng mga impormasyon tungkol sa pagpapalaki ng bata. Alamin kung saan pwedeng magtanong tungkol sa mga suliranin sa pagpapalaki ng anak. →Tingnan ang pahina : 23 (para sa katanungan, at maaari tumawag)

ONE TIME DAY CARE

Mayroon itong serbisyo sa pag-aalaga ng bata kung ang magulang ay may sakit o may biglaang lakad at hindi kayang alagaan ang anak sa bahay, maaari rin silang alagaan sa nursery sa maikling oras. Pero dito ay kailangang magbayad. Magtanong muna sa munisipyo o nursery.

FAMILY SUPPORT CENTER

Ang serbisyong ito ay tumutulong sa pagkokonekta ng miyembro na nagnanais na tumulong sa pagpapalaki ng anak o tumulong sa ibang tao. Kung gusto mong makinabang sa kaayusang ito, kailangan ang bayad. →Tingnan ang pahina : 26 (para sa katanungan, at maaaring tumawag)

PARA SA PAGBUBUNTIS AT PANGANGANAK HOT LINE

Wala-sa-planong pagbubuntis, hindi inaasahan pagbubuntis at kung may problema sa inyong buhay o panganganak at iba pang problema ito ay isang tulong na serbisyong Konsultasyon sa telepono lamang.

TEL 076-482-3088 Martes, Huwebes, sabado. 9:00-13:00, Miyerkules, Biyernes. 14:00-18:00

- *kung mangangailangan kayo ng taga-pagsalin mangyari lamang na makipag-ugnayan sa amin, pakisuyo magtanong muna sa munisipyo.*

- kung ikaw ay may problema sa pamumuhay ,handang tumulong ang Toyama internasyonal Association para tulungan ka sa paglutas nito at nagbibigay ng payo at suporta. Ang paraang ito ay 3 way. Ikaw , ang Advisor at interpreter. TEL 076-441-5654
- Toyama internasyonal Association ay pwede ring konsultahin tungkol sa pamumuhay sa hapon. TEL 076-444-2500

<i>Portuges.</i>	<i>Lunes12:30-17:00. Martes,Huwebes,Biyernes12:30-16:30 Miyerkules,9:00-12:00. 13:00-17:00</i>
<i>Tsino</i>	<i>Miyerkules, Biyernes13:00-17:00</i>
<i>English</i>	<i>Lunes,Miyerkules,Biyernes.13:00-17:00</i>
<i>Russia</i>	<i>Miyerkules, Biyernes13:00-17:00</i>
<i>Koreano</i>	<i>Miyerkules13:00-17:00</i>
<i>Urdu</i>	<i>Ikalawa,Ika-apat na Biyernes14:30-17:30 Konsultasyon sa E-mail:urdu.soudan@tic-toyama.or.jp</i>

1.4.2. KAILANGAN ANG PAG-SUPORTA NG ASAWANG LALAKI HABANG NAGBUBUNTIS AT NAGPAPALAKI NG ANAK !

Ang pagpapalaki ng anak ay hindi lamang trabaho ng babae. Kundi kailangang tulungan ng asawang lalaki. Habang nagbuntis , madaling sumama ang pakiramdam dahil sa paglilihi,at pagbabago ng katawan. Lalo na nag-iiba ang hormone ng babae, kaya minsan ay biglang nagiging masama ang kalagayan ng mga sangkap ng katawan . Kaya maaaring maraming babae ang magkaroon ng tinatawag na maternity blue. Kailangang unawain ang kalagayan at damdamin ng babae. Kaya napakahalaga ng laging pag-suporta ng asawang lalaki para sa asawang babae.



1.4.3. TUNGKOL SA TRABAHO

Bawal sa batas ng bansang hapon ang magtanggap sa trabaho dahil sa pagbubuntis • nanganak • maaring makuha ang isang sistema ng pahinga sa trabaho upang magpalaki ng anak ,at bawal ring hindi magandang pagtrato (bawal ang hindi sumusunod sa kontrata ng trabaho,at paghimok na mag-retire) .Sa pamamagitan ng batas at katibayan sa pagtrabaho, may ibat' ibang kaayusan at karapatan upang masuportahan ang pagbubuntis. Kahit nasa trabaho, pwedeng pumunta sa hospital at ilipat kayo sa magandang na trabaho. Mayroon ring suportang ibinibigay sa pagdadalangtao at pagsisilang. Pakisuyong magtanong sa consultation desk → : 「Bureau of Labor in Toyama」 「Toyama prefecture labor equal employment opportunity office」 at Malapit sa inyong tahanan 「labor Standard and inspection Office」

Ang sistemang ito ay upang makatanggap ng perang tulong para sa panganganak at pag-alaga ng sanggol mula sa sariling health insurance o sa health insurance ng asawa. Maaaring makatanggap kayo ng perang tulong para sa panganganak at pag-alaga ng sanggol. (may consultation desk → : pension office) (may consultation desk → : Hello work)

☞KUNG IKAW AY HINDI REGULAR WORKER ANONG TULONG ANG MAARI MONG TANGGAPIN?

Kung may patiuang kondisyon, maaaring magamit ang pahinga sa trabaho upang magpalaki ng anak

(1)Ang mahigit isang taon ng pamamasukan sa trabaho at patuloy pa ring mamamasukan

(2)Kapag ang anak ay naging isang taong gulang na at pwedeng ipagtuloy ang trabaho

,maaari nang magamit ang sistemang ito.

2. PUMASOK TAYO SA KINDERGARTEN ,NURSERY !

Para sa mga bata , ang karanasan sa pagpasok sa Nursery.Kindergarten.Certefied Child Garden ang pinaka unang hakbang para malaman nila ang oportunidad at para masanay sila sa lipunan ng bansang hapon . Para sa mga magulang, malaking tulong ito sa pagsuporta sa pagpapalaki ng inyong anak dito sa hapon. Habang nagpapalaki ng inyong anak, mapapansin ninyong may kaibahan sa kultura at magkaiba ang pamamaraan ng pag-iisip, sa pagitan ng bansang hapon at sa inyong sariling bansa.Kaya nakikisuyo kami na sana ay maunawaan ninyong mabuti ang mga pamantayan ng eskuwelahan dito sa hapon. Sa pamamagitan ng mabuting pakikipag-usap at pagsuporta ng isa't isa, magiging mas kasiya-siya ang pagpapalaki ng inyong anak.



Nagkataong ako ay maraming kaibigan kaya natuto ako ng wikang hapon. Gayundin sa kaugalian dito, nasanay na ako sa pamantayang moral , maayos sa buhay at pagbati sa iba. (Brazilian • babae • 40anyo)

Sa pamamagitan ng pagpapalaki ng anak , madalas na nakikipag-ugnayan ako sa kapit bahay(Brazilian • lalaki 40anyo)

Nasasanay ako sa pamumuhay dito sa hapon. sa pamamagitan ng anak ko nagkaroon ako ng maraming kaibigan (Pilipino • babae • 40anyo)

Maraming bagay ang natutunan ng anak ko mula sa Nursery.kaya natututo rin ako sa kanya. (chine • 20anyo • babae)

Hindi ko kailangan mag-alala palagi sa anak ko .Nasisiyahan ako sa trabaho ko (Brazilian • lalaki 40anyo)

2.1. NURSERY • KINDERGARTEN • CERTIFIED CHILD GARDEN

Nursery

- Tunguhin nitong mag-alaga ng mga Bata.
- Dapat ang mga magulang ay may trabaho.
- Walang system na paghahatid sunder sa bata kaya kinakailangang mag-hatid-sunder, sa mga bata.
- Maaaring iwan ang bata mula 8 buwang gulang.
- Ang oras ng pagpapaalaga ay maaaring magbago depende sa edad ng bata at kalagayan sa pamilya .
- Walang uniform pero kailangan ng pampatong smock(Jaketto) ang tawag dito.
- Ang Karampatang bayad ay base sa edad ng bata at suweldo ng magulang,at depende rin sa bawat lugar.

Kindergarten

- Tunguhin nito ay pag-aaral ng mga bata. walang patakaran sa pagpasok sa kindergarten.
- Mayroong system na paghahatid sunder sa bata sa pamamagitan ng School Bus(maybayad).
- Edad ng bata ay 3,4,5 taong gulang na mga bata lang.
- Mayroong pag-aaral na leksyong nasa eskuwelahan(may bayad).
- Oras ng pagpapaalaga ay maiksi(may extra bayad para sa dagdag oras na pagpapaalaga).
- May uniform.
- Karaniwang bayad ay palaging parehas .maaari ng may raising support.

Certified Child Garden

- Ito ay pinagsamang sa nursery at kindergarten.ang tunguhin nito ay pag-aalaga at pag-aaral
- walang kondisyon sa pag-iwan ng bata.
- Karampatang bayad ay depende ring sa bawat lugar.

2.1.1. SAANG KINDERGARTEN O NURSERY SCHOOL PWEDENG PUMASOK?

Pakisuyo magtanong sa munisipyo upang malaman kung saan ang pinakamalapit na eskuwelahan sa bahay ninyo.

→Pakitingnan pahina : 22

2.1.2. ANO ANG KAILANGAN AT PROCEDURES PARA MAG-ENROLL?

- ① Tiyakin muna kung saan may bakante. Pagkatapos kailangang mag-apply sa munisipyo o mismo sa kindergarten, Nursery School.
- ② Requirement para sa Pag-aaply.
 - Application paper.
 - Certificate of employment. (kindergarten ay hindi kailangan).
 - Certificate of Income amount. (pwede ng makuha kung saang siyudad nakatira mula 1 January) .
 - Copy of Registration Card Tatay at Nanay at Anak.(harap at likod).
- ③ Dapat pumunta sa eskuwelahan at magtanong kung ano ang kailangang ihanda na dadalhin para sa mga bata.

2.2. KAYUSAN NG PAGHATID.PAGSUNDO

2.2.1. KAILAN DAPAT IHATID?

- Kung papasok na siya sa eskuwelahan, ipaalam ninyo kung anong oras mo siya papapasukin. Ihahatid ang bata nang ganitong Oras. (: ~ :)
- Sundin ang takdang oras.Kung mahuhuli sa klase o kung mas maaga ang pagpasok dapat tumawag sa Eskwelahan.
Kung hindi ipaalam sa eskuwelahan na mahuhuli o hindi papasok ,mag-alala ang mga guro kung may nangyari sa bata o naaksidente.
- Maaaring may karagdagang bayad kung mas maagang ihahatid ang bata.
- Ipaalam muna sa guro kung hindi magulang o may ibang tao na maghahatid sa bata.
- Samahan ang bata hanggang sa loob ng eskuwelahan at ipaalam sa guro.

2.2.2. KAILAN DAPAT SUSUNDUIN?

- kung makakapapasok na siya sa eskuwelahan,ipaalam ninyo kung anong oras mo siya susunduin. Oras ng sundo ay (: ~ :)
- Kung hindi siya masusundo sa tamang oras ,maaaring may karagdagang bayad kapag mahuhuli ka sa oras ng pag-sundo.
- Kung hindi mo ipaalam sa guro at biglang susundin ang bata ng ibang tao ,maaaring hindi ibigay ang bata.

2.2.3. KAPAG MAY SAKIT O SUGAT?

Sa umaga,tignang mabuti ang kundisyon ng bata at itawag agad sa eskuwelahan. Kung may kakaibang napapansin. Lalo na sa mga ganitong kundisyon→pakisuyo tingnan pahina12.20

- Mataas na lagnat
- Nagtatae (malambot ang dumi)
- Nagsusuka (Inilalabas ang kinain)
- Inuubo

Kung ang bata ay papapasukin kahit masama ang pakiramdam, lalo siyang mahhirapan sa eskuwelahan.maaari ring lumala ang karamdaman o sugat nito.
Maaari ang sakit ng bata ay infection o nakakahawa sa ibang mga bata
kaya pakisuyo dapat tumawag sa eskuwelahan.

2.2.4. IBAT-IBANG PAGDIRIWANG AT AKTIBIDAD

Ibat-ibang Pagdiriwang at Aktibidad sa eskuwelahan→pakisuyo tingnan pahina18

Kapag may Aktibidad sa Sports Festival o Pagtatanghal ng mga bata sa eskuwelahan, sila ay araw-araw na nagsasanay. Kapag biglang hindi pumasok ang bata sa araw ng okasyon,masasayang ang kanilang pagsisikap. Kaya hangga't maaari, pumasok ang bata, at kung talagang hindi siya makapasok sa takdang araw, pakisuyong ipaalam ng maaga sa guro.

Kadalasan na ang okasyon o pagdiriwang ay ginaganap tuwing araw ng Sabado o Linggo . Nais naming makadalo ang mga magulang o kamag-anak sa mga okasyong ito dahil karamihan sa inyo ay may trabaho.



kung may suliranin na hindi kayo makakasali dahil sa relihiyon o iba pang dahilan, pakisuyong ipagbigay-alam agad sa guro.

2.2.5. MGA KASUOTAN NG BATA

May kaayusan sa bawat eskuwelahan na may nakatakdang isusuot at dadalhin ng mga bata. Dahil sa magkakaibang kultura, mayroong ilan na hindi nagsusuot ng underwear. Pero dito sa bansang hapon, kailangang sanayin ang mga batang nagda diaper sa paggamit ng toilet. Kaya kailangang magsuot ng underwear.

Ang mga eskuwelahan dito sa bansang hapon ay may air-conditioner kaya palaging mainit ang temperature sa loob ng eskuwelahan. Nagsusuot sila ng manipis na damit at walang medyas kahit taglamig dahil maaaring madulas ang bata kapag naglalakad sa pasilyo na magiging dahilan ng aksidente. Upang maiwasan ito,hindi sila pinagsusuot ng medyas.

Dito sa bansang hapon,hindi puwedeng maghikaw o magkuwintas ang mga bata sa eskuwelahan. Maaari kasing makasugat ang hikaw sa ibang bata o kaya'y maaaring matusok ang kanilang sarili. Ang kwintas naman ay maaaring mahablot ng kalaro o kaya baka makasakal sa bata. Sa dahilang ito,hindi pinahihintulutan ang mga bata na gumamit ng anumang palamuti upang maiwasan ang hindi inaasahang pangyayari tulad ng pagkasugat,makasugat sa kalaro.



2.3. PAKIKIPAG-UGNAYAN

2.3.1. KAPAG HINDI PAPASOK SA ESKUWELAHAN

Kailangang tumawag kapag hindi papasok sa eskuwelahan! hanggang (: ~ :).

Tumawag kaagad kung hindi makapasok ang bata sa anumang dahilan.

Sa bansang Hapon, may pasok ang mga bata kahit na umulan o may nyebe o snow.

(kung may dumating na bagyo o warning advisory mula sa gobyerno, dapat niyong ipaalam sa eskuwelahan.)

kung hindi kayo tatawag sa eskuwelahan, mag-iisip at mag-aalala ang guro, 「maaari nasa bahay siya, may sakit, nasugatan」 o 「naaksidente kaya hindi pumasok」 sikaping tumawag at magpaliwanag kahit sa simpleng Nihongo. (wikang Hapon).



moshi moshi (klase ng bata) kumi, (pangalan ng bata) desu.
Kyou wa yasumi masu. riyuu wa (※dahilan) desu
Hello (klase ng bata)(Pangalan ng bata) Hindi po siya makapasok ngayon.

※mga dahilan : 「sipon」 「trangaso/influenza」 「bulutong-tubig」 etc.

2.3.2. KAPAG MAHUHULI (LATE) SA PAGPASOK

Kung mahuhuli sa eskuwelahan, pakisuyong tumawag kasi inila-lock ang pinto para sa kaligtasan.

moshi moshi (klase ng bata) kumi, (Pangalan ng bata) desu.
Kyou wa okuremasu. _____ ji (oras) ni ikimasu.
Hello (klase ng bata)(Pangalan ng bata). mahuhuli(late) po . Sa ganitong
__oras pa po makakarating diyan.



2.3.3. NOTEBOOK PARA SA COMMUNICATION NG GURO AT MGA GUARDIAN

Dito sa bansang hapon, ginagamit namin ang isang notebook (Renraku chou) para sa komunikasyon ng guro at ng tagapag-alaga. Sa pamamagitan nito, nalalaman namin ang araw-araw na kalagayan sa kalusungan, kondisyon o kinain ng bata. Gayundin, malalaman ninyo ang kalagayan niya sa eskwelahan. Alam namin na mahirap para sa inyo ang wikang hapon. Pero pakisulat kahit sa maiksi o sa Roman alphabet . Ganun din kami , isusulat namin ang kanilang buong-araw. Pakitignan at basahin ang notebook araw-araw.

Kung may pagbabago sa oras ng pagsundo paghatid o may gusto kayong sabihin sa eskwelahan, pakisulat sa notenook na ito.

(para sa mga wala pang isang taong gulang) Pakisuyo kopyahin niyo. Apendise →4
(Iba pang wikang Dokumento)pahina (14) Notebook para sa Communication
sa pagitan ng Paaralan(guro) at mga magulang o tagapag-alaga.

2.4. ANG ISANG ARAW SA KINDERGARTEN ,NURSERY !

*Depende sa kindergarten /Nursery ang kanilang magiging Iskedyul sa isang araw

0 • 1 • 2 taong gulang na bata	Oras	3 • 4 • 5taong gulang na bata
Pagbubukas ng eskuwelahan . Simula ng espesyal na maagang pumapasok. Pag- check ng Kalusugan.	7:00	Pagbubukas ng eskuwelahan . Simula ng espesyal na maagang pumapasok. Pag- check ng Kalusugan.
Pagpasok sa eskuwelahan • Pagbati. Pag- check ng Kalusugan. Pag-lalaro kasama ng guro. Toilet,Paghuhugas ng kamay.	8:30	Pagpasok sa eskuwelahan • Pagbati. Pag- check ng Kalusugan. Pag-lalaro kasama ng guro. Toilet,Paghuhugas ng kamay.
Merienda. Pag-lalaro, Sayaw,Exercise,Drawing.Pag-babasa, Paglalaro sa labas,Pamamasyal. Rehydration. Toilet,Paghuhugas ng kamay, Paghahanda ng Tanghalian.	9:30 10:00 11:00	Pag-titipon sa umga Pag- tawag sa numero, Itinakdang tungkulin. Pag-lalaro at Aktibidad,Paglalaro sa labas. Drawing,Handicraft.,Pamamasyal. Mga Aktibidad sa bawat panahon. Pag-aayos ng mga gamit. Paghahanda ng Tanghalian.
Tanghalian (School lunch)		Tanghalian (School lunch)
Pag-hahanda sa Pagtulog. Pagtulog sa Tanghali	13:00	Pag-lilinis ng mga kagamitan sa tanghalian. Pag-lalaro na Tahimik. Pagtulog sa tanghali (Depende ito sa eskuwelahan o edad ng bata ang akutibidad ay ayon sa edad)
Toilet,Pagbibihis,Paghhuugas ng kamay.		Pag-aayos ng mga gamit.
Merienda.	15:00	Merienda.
Pag-babasa ng kuwento,Sayaw.		Pagtitipon bago Umuwi.
Pag-check ng kalusungan. Oras ng Pagsundo.	16:30	Pag-check ng kalusungan. Oras ng Pagsundo.
Extension ng oras sa eskuwelahan. Merienda.	18:00	Extension ng oras sa eskuwelahan. Merienda.
Pagsasara ng Eskwelahan.	19:00	Pagsasara ng Eskwelahan.

☞PAGTULOG NG TANGHALI

Sa mga eskuwelahan dito sa bansng hapon, ang mga bata ay pinapatulog kapag tanghali.

Kaya kailangang maghanda ng higaan,kumot,at unan para sa mga anak. Kapag maingay ang isang bata dahil hindi siya inaantok,maaaring maabala ang ibang mga bata. Mahalaga para sa kanila na makatulog at makapagpahinga ng kaunti upang mapanatili ang kanilang mabuting kalusugan at kondisyon.

☞POOL-

Kapag summer may aktibidad na pool. Ginagawa ito upang masanay sila sa tubig kung ang bata ay maysakit o may dahilan tungkol sa relihiyon dahil sa hindi pwedeng magpool, pakisuyo kumonsulta agad sa guro.

2.5. MGA PAGKAIN AT INUMIN

2.5.1. TANGHALIAN (SCHOOL LUNCH)

Ang Tanghalian (Kyuushoku/School lunch) ay inihahanda na balance sa eskuwelahan. Karamihan ng elementary school at Junior high school ay mayroon ring Tanghalian sa school . Ang isang tunghin ay ituro ang kasiyahan sa pagkain, kahalagahan ng pagkain at wastong pag-uugali habang magkasamang kumakain. Hindi pare-pareho ang eskuwelahan. Mayroong eskuwelahan na kailangang magdala ng kanin lang at ulam naman ang inihahanda nila. Kapag kailangan magdala ng tinapay, dapat na hindi matamis na tinapay kundi mas maganda ang butter roll.

PANLASA AT MENU

Ang lasa ay ayon sa panlasa ng mga hapon. Siguro sa umpisa ay maaaring hindi pa sanay ang panlasa nila. Pero kung araw-araw na kumakain nito, unti-unting masasanay sa lasang ito.

KUNG MAYROONG BAWAL NA PAGKAIN DAHIL SA ALLERGY

Kung mayroong bawal na pagkain dahil sa allergy ,kailangang ipabatid ito nang maayos sa guro at eskuwelahan. May pagkakataon na maaaring gamawa ng paraan ang eskuwelahan at alisin ang mga pagkaing bawal para sa bata dahil sa allergy. Pero pumunta muna sa ospital at humingi ng katunayan galing sa Doktor at ipakita ito sa eskuwelahan. Depende sa kalagayan, maaring hilingin na magdala na lamang ng sariling baon ang bata dahil sa kaniyang kalusugan.

*Tungkol sa allergy, Tingnan ang apendise [Kasaysayan ng Paglaki] →4 (Iba pang wikang Dokumento)pahina (9).
[Kalagayan ng pamumuhay sa Tahanan] → 4 (Iba pang wikang Dokumento) phina (10). Isulat muna mabuti at magbigay ng paper para sa guro.*

KUNG MAY PAGKAIN ,IPINAGBABAWAL DAHIL SA RELIHIYON

Kung mayroong pagkain na ipinagbabawal kainin ayon sa relihiyon pakisuyong agad na Kumonsolta sa guro. Dapat ipabatid ito nang maayos sa guro at eskuwelahan. May pagkakataon na kinakailangan ang tulong ng magulang upang matugunan ang mga suliranin tulad nito. Kung talagang seriyoso kayo sa mga pagkain tulad ng Alcohol, shortening mas maganda ,magdala ng baon sa sarili.

Tungkol sa relihiyon, isulat muna sa isang paper Tingnan ang apendise [Bago pumasok sa Paaralan alamin ang paalaala] → 4(Iba pang wikang Dokumento) pahina (13). Pakisuyo magbigay sa guro at pakisabi kung ano ang bawal.

WASTONG PAG-UUGALI SA PAGKAIN SA BANSANG HAPON

Sa bansang hapon , mayroong wastong paggamit ng chopsticks,tamang pag-upo at paghawak ng pinggan. Iwinawasto ng guro ang maling ugali sa pagkain kapag napuna ito. Kinakailangang sundin ang mga tagubilin tungkol dito, ito ay malaking tulong para sa mga bata.

☞PAGKAKAIBANG ASAL

Sa bansang hapon, dapat hawakan ang maliit na plato. Habang kumaikain, huwag ilagay ang iyong siko sa mesa.


2.5.2. BAON NA PAGKAIN (LUNCH)

Kung kailangang magdala ng sariling baon, ipaalam namin sa inyo ng maaga sa pamamagitan ng liham mula sa eskuwelahan. Kung may aktibidad sa eskuwelahan, kailangang makapaghanda ng baon na pagkain.

Para sa mga bata, ang baon na pagkain ay espesyal na pagkakataon. Matutuwa ang mga bata kung ang kanilang baon ay niluto o ginawa sa bahay. Mahirap ang paggawa ng baon na pagkain ngunit hindi ito araw-araw gagawin kundi paminsan-minsan lamang. Kaya magsikap na maghanda ng baon na pagkain upang maging masaya ang mga bata sa kanilang tanghalian.

MGA DAPAT INGATAN PARA SA PAGHAHANDA NG BAON NA PAGKAIN

- ① Ilagay ang pagkain sa lunch pack/lagayan. Bawal magdala ng binili sa tindahan na nakalagay pa sa plastic pack.
- ② Maghanda ng pagkain na kayang na kainin ng bata.
- ③ May posibilidad na matapon ang baon kung may dalang sabaw, kaya sana huwag magdala ng pagkaing may sabaw.
- ④ Iwasan ang magdala ng pagkaing madaling masira o hilaw na pagkain. Lalo na kapag summer, madaling masira at mapanis ang pagkain, pakisuyo gumamit ng ice o cool pack.
- ⑤ Huwag maglagay ng meryenda at junk food.





Kung hindi pa marunong gumamit ng chopsticks at mahirap para sa mga bata, mas magandang maliit na onigiri.

2.5.3. BOTE NG TUBIG

May eskuwelahan na kailangang magdala ng bote ng tubig araw-araw. Pero may eskuwelahan naman na pagsummer lang o kapag may aktibidad lamang kailangang magdala.

MGA DAPAT INGATAN SA PAGHAHANDA NG BOTE NG TUBIG

- ① Ang laman lang ng bote ng tubig ay tsa-a. (ban-tsa-a, mugi-tsa-a, genmai-tsa-a, uron-tsa-a)
- ② Hindi puwedeng magdala ng pet bottle dahil magastos. Mas maganda ang sariling gawa na otsa-a.
- ③ Bawal ang juice at cola
- ④ Dapat maghugas ng lunch pack at bote ng tubig araw-araw



2.6. TUNGKOL SA GAMOT

Sa ngayon, ang mga magulang ay kailangang tumungo sa eskuwelahang pampamalagaan upang painumin ang kani-kanilang mga anak ng gamot. Ngunit sa mga kaso na kung ang mga magulang ay hindi makapunta sa eskuwelahan dahil sa apurahang dahilan, ang mga guro ang magpapainom sa mga bata ng gamot.

Ilakip at sulatan ang papel 「Kahilingan para sa pagpapainom ng gamot」 at gamot at kung mayroon mang pagpapaliwanag nito ay ilakip din ksama ng gamot para sa Guro pero tanging ang mga gamot na galing sa doktor lamang ang pwede.

Tingnan ang apendise→4, (Iba pang wikang Dokumento)pahina(16)

2.7. MGA GAMIT NA KAILANGAN SA ESKUWELAHAN

Sulatan ng pangalan ang lahat ng gamit ng bata. Kung nahhirapan kayong isulat ang pangalan ng inyong anak, paki-tanong sa guro kung paano isusulat ng pangalan sa wikang hapon. Kahit na maliit na bagay at panloob na damit (under wear) ay kailangang sulatan ng pangalan ang sariling gamit. Kung pinahiram ng gamit mula sa eskuwelahan, dapat labahan sa bahay at ibabalik agad sa loob ng ilang araw.

2.7.1. KAILANGAN ITONG GAMITIN SA ESKUWELAHAN


<p>Diaper</p> 	<p>Wet wipes o Wet tissue</p> 	<p>Training pants o pang training na panti</p> 	<p>Uniporme ng P.E.</p> 
<p>Bath Towel</p> 	<p>Plastic bag (ito ay paglalagyan ng maruming damit)</p> 	<p>Higaan</p> 	<p>Malaking tuwalya kumot na manipis.</p> 
<p>Kapote(Rain coat)</p> 	<p>Swimwear</p> 	<p>Swimming cap</p> 	<p>Tuwalya</p> 
<p>Pool bag</p> 	<p>Wet towel</p> 	<p>Picnic mat</p> 	<p>Damit pantulong/pajama</p> 
<p>Jacket</p> 	<p>Ski wear</p> 	<p>Ski glove</p> 	<p>Basahang pamunas</p> 
<p>Plastic bag</p> 	<p>Tissue</p> 	<p>Trianggulong bandana</p> 	

※Depende sa bawat eskuwelahan ang mga dadalhin

2.7.2. ARAW-ARAW NA MGA DADALHIN SA ESKUWELAHAN

<p>School bag</p> 	<p>Notebook para sa communication ng guro at mga guardian (Renraku chou)</p> 	<p>Correspondence folder (Impormasyon sa araw-araw)</p> 	<p>Sipilyo • baso • lagayan</p> 
<p>School bag 2</p> 	<p>Pocket tissue</p> 	<p>Name plate</p> 	<p>Pamunas ng kamay</p> 
<p>Bote ng tubig</p> 	<p>Bag</p>  <p>※lalagyan ng mga bagay mula sa eskuwelahan na iuuwi</p>	<p>Cooking apron</p> 	<p>Chopsticks • Kutsara • Tinidor</p> 

※※Depende sa bawat eskuwelahan ang mga dadalhin.



Kumonsulta agad sa guro kung mayroong katanungan o gustong malaman !

2.8. MGA OKASYON NG PAGDIRIWANG/SELEBRASYON

Ang eskuwelahan sa hapon ay nagsisimula sa Abril at nagtatapos sa Marso.

Ito ay Depende sa okasyon o panahon at lugar ng eskuwelahan. Napakahalaga ng mga aktibidad o pagdiriwang ng okasyon na ito para sa mga hapones.

Buwan-buwan na Birth day



Ito ay ginaganap buwan-buwan. Ito ang sabay-sabay na selebrasyon ng kapanganakan ng lahat ng bata na ipinanganak sa parehong buwan.

Ang mga magulang ay hindi kailangang maghanda sa eskuwelahan.

Children's Day Mayo 5



Pagdiriwang para humiling ng mabuting kalusugan at kaligayahan ng mga batang lalaki. Naglalagay ng dekorasyon ng Kabuto (helmet na sundalo sa bansang hapon) at yoroi ningyou (sundalo na manyika).

Tanabata (Star Festival) Hulyo 7



Maglalagay ng kapisang papel sa sanga ng kawayan kung saan nakasulat ang (wish) kahilingan . Halimbawa isusulat ng mga bata sa kapisang papel ang 「Pangarap kapag lumaki ! 」 at kaniyang kahilingan at isasabit ito sa dahon o sanga ng kawayan.


Araw ng paggalang sa Matatanda Setyembre



Nagpapasalamat sa matatanda at pagdiriwang para humiling ng mabuting kalusugan para sa kanila.

Minsan, inaanyayahan ng mga bata ang matatanda para magdiwang sa eskuwelahan.

Sports Festival



Isang masayang okasyon na kung saan ang mga bata ay tatakbo o sasayaw.

Pasko, Disyembre



Inisip ng mga tao na ito ay kapanganakan ni Jesu-kristo . Ang mga bata ay kakanta, may mga palaro, at maaaring makatanggap ng regalo mula sa eskuwelahan.

Pag-gawa ng Malagkit (Mochitsuki.Enero)



Kapag bagong taon, may kaugalian ng pagkain ng mochi. Para sa mga hapon,ang mochi o malagkit ay swerte. Natutuwa ang mga hapon sa paggamit ng pambayo para gumawa ng malagkit.

Mamemaki.Pebrero 3



Okasyon sa pagtatapos ng panahon ng taglamig.(setubun) Ito ay sa simula ng tag-sibol,may swerte kung nagsasagawa ng paghahagis ng mga beans habang naka Oni costume. Magkaroon ng mabuting kalusugan.

Girls' Festival Marso 3



Ito ay pagdiriwang ng pangangalaga sa kalusungan ng batang babae. Ang tahanan at eskuwelahan ay naglalagay ng Hina ningyou (manyikang prinsesa)

Eskursyon o Fieldtrip



Ang tunghin nito ay lumabas mula sa tahanan o eskuwelahan, pagsasanay na kasama ang grupo, pakikisalamuha sa bawat isa at isang magandang pagkakataon upang matuto ng tamang kaugalian sa labas.

Pagtatanghal ng mga bata sa paaralan



Pagsasayaw,pagsasadula at pagkanta ng mga bata sa harapan ng lahat ng tao.Paulit-ulit na nag-eensayo para sa kanilang pagtatanghal.Isang masayang aktibidad.

Seremonya ng Pasukan/Graduation



Ito ay napakahalagang Okasyon para sa eskuwelahan. Ang Kasuotan ng bata at mga tagapag-alaga o magulang rin ay kailangang desenteng damit(Formal style). Maaari ang bata ay kailangan ang Uniporme sa kanilang eskuwelahan. Pakisuyong itanong sa guro.

Sa mga eskuwelahan ay mayroong ibat-ibang okasyon sa pamamagitan ng bawat panahon. Ipapaalam ito ng liham mula sa eskuwelahan .Pakisuyong basahin itong mabuti at pakisuyong maghanda para makadalo kayo sa lahat ng okasyon ! Kung hindi kayo dadalo o sasali pakisuyong itawag o sabihin sa mga guro.

2.9. PAANO SASABIHIN?

2.9.1. KAPAG PAPASOK (MULA SA MAGULANG O GUARDIAN)



Magandang Umaga po.
マガンダン ウマガ ポ



Ngayon ay Mabuti.
ガヨン アイ マブティ



Kumain ng Alumusal.
クマイン ナン アルムサル



May lagnat.
マイ ラグナット



Nag-susuka.
ナグ ススーカ



Malambot ang dumi. (Nagtatae).
マランボット アン ドゥミ (ナグタタエ)

2.9.2. UWIAN (MULA SA GURO)



Marami siyang paglaro
マラミ シャン パグラロ



Nakipag-away siya sa kaibigan.
ナキパグアーワイ シャ サ カイビーガン



Marami siyang kinain sa school lunch.
マラミ シャン キナイン サ スクール ランチ



Wala siyang ganang kumain.
ワラ シャン ガーナン クマイン



Masama ang pakiramdam.
マサマ アン パキランドム



Paalam/Good bye.
パーラム/グッドバーイ


2.9.3. MGA AKTIBIDAD (MULA SA GURO)



Paki-dala mo ang ○○.
パキダラ モ アン○○



Pumasok mula ○○AM.PM.
ブマソック ムラ サ○○AM.PM.



Isusuot ang Uniporm ng P.E.
イススオット アン ユニフォーム ナンP.E

2.9.4. PAKIKIPAG-USAP SA BATA



Tae ★(u u) / Ihi ★(wiwi).
タエ★幼児語★(ウーウ) / イヒ★(ウィウイ)



Inaantok.
イナアントック



Gutom na ako.
グトム ナ アコ



Masakit.
マサキット



Ok / Bawal.
オーケー / バワル




Nanay / Tatay.
ナナイ / タタイ



Naiintindihan / Hindi Naiintindihan.
ナイインティンデハン / ヒンディナイインティンデハン



Maraming salamat / Pasensiya na.
マラミン サラマツ / パセンシヤナ



Gusto / Ayaw
グスト / アヤウ



kailangan / Hindi kailangan.
カイランガン / ヒンディ カイランガン



Gusto.
グスト



Masaya / Malungkot.
マサヤ / マルンコット



Malungkot.
マルンコット



Kaunti (ok lang).
カウンティ(オーケーラン)



magaling! (mahusay!)
マガリン!! (マフーサイ!).

3. INQUIRIES

PREFECTURE • MUNICIPALITY

	Nursery, Child welfare	Maternal and child health	Home education	Kindergarten
Toyama-ken	Children youth home section 076-444-3208	Health section 076-444-3226	Life education • culture occupancy 076-444-3435	〈Public〉 Elementary and junior high schools section 076-444-3449 〈Private〉 Document academic section 076-444-3159
Toyama-shi	Child support section 076-443-2059 Home and child affairs division 076-443-2204	Home and child affairs division 076-443-2055	Life education section 076-443-2137	School education section 076-443-2135
Takaoka-shi	Children promotion 0766-20-1377	Health promotion section 0766-20-1344	Life education section 0766-20-1802	School education section 0766-20-1449
Imizu-shi	Child support section (Childcare) 0766-82-1953 (Child welfare) 0766-82-1965	Health promotion section 0766-82-1954	Life education sports section 0766-59-8091	〈Public〉 Child support section 0766-82-1953 〈Private〉 Pakisuyong huwag atubiling magtanog
Uozu-shi	Children section 0765-23-1079	Health center 0765-24-0415	Life education sports section 0765-23-1045	Children section 0765-23-1079
Himi-shi	Child support section (Childcare services) 0766-74-8116 (Parenting support) 0766-74-8117	Health section 0766-74-8062	Life education section 0766-74-8215	Child support section (Childcare services) 0766-74-8116
Namerikawa-shi	Children section 076-475-2111	citizens health center 076-475-8011	Life education section 076-425-2111	Children section 076-475-2111
Kurobe-shi	Child support section 0765-54-2111	Health promotion Section 0765-65-0020	Life education section 0765-54-2111 School education section 0765-54-2111	Child support section 0765-54-2111
Tonami-shi	Children section 0763-33-1111	Health center 0763-32-7062	Children section 0763-33-1111	Children section 0763-33-1111
Oyabe-shi	Public welfare section 0766-67-8603	Health welfare section 0766-67-8606	Life education, culture Section 0766-67-1760	Education administration Section 0766-67-1760
Nanto-shi	Children section 0763-23-2010	Fukumitsu health center 0763-52-1767	Life education sports section 0763-23-2013	Education administration section 0763-23-2012
Funahashi-mura	Living environment section 076-464-1121	Living environment section 076-464-1121	Board of education 076-464-1121	Living environment Section 076-464-1121
Kamiichi-machi	Welfare section 076-472-1111	Health center 076-473-9355	Board of education 076-472-1111	Board of education 076-472-1111
Tateyama-machi	Health welfare section 076-462-9955	Health center 076-463-0618	Education section 076-462-9982	Education section 076-462-9982
Nyuzen-machi	Health welfare section 0765-72-1100	Health center 0765-72-0343	Board of education 0765-72-1100	Board of education 0765-72-1100
Asahi-machi	Citizens children Section 0765-83-1100	Health center 0765-83-3309	Board of education 0765-83-1100	Citizens children section 0765-83-1100

EMERGENCY MEDICAL CENTER

	Emergency Medical Center	Medical courses
Toyama-shi	Toyama City Emergency Medical Center 2-76 Imaizumihokubu-machi, Toyama-shi 076-425-9999	Internal medicine, Pediatrics, Surgery, Ophthalmology, Otolaryngology, Dermatology
Takaoka-shi	Takaoka City Emergency Medical Center 7-1 Hommaru-machi, Takaoka-shi 0766-25-7110	Internal medicine, Pediatrics, Surgery,
Kurobe-shi	Niikawa Medical District Pediatric Emergency Center 1108-1 Mikkaichi, Kurobe-shi 0765-54-2211	Pediatrics
